IJAMS INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume V, Issue 5 May 2025, eISSN: 2799-0664

# Pagsusuri sa mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Filipino: Batayan sa Pagbuo ng Aklat Pamuhatan

**MERRY GRACE G. PIA**
Jose Sanvictores Sr. National School
Department of Education
Surigao del Sur, Region XIII, Philippines, 8300
merrygrace.guisando@deped.gov.ph

**ANNIE Y. SAMARCA, PhD**
Department of Graduate School
North Eastern Mindanao State University
Tandag City, Region XIII, Philippines, 8300

*Abstract* — Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang mga napapanahong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino na ginagamit ng mga guro sa Junior High School sa Distrito ng Cagwait. Gumamit ito ng disenyong Convergent Parallel Mixed Methods kung saan sabay na isinagawa ang pangangalap ng datos sa paraang kwantitatibo at kwalitatibo. Matapos ang pangangalap, isinagawa ang hiwalay na pagsusuri sa dalawang uri ng datos at pagkatapos ay pinaghambing upang matukoy kung magkatugma ang mga resulta. Kabilang sa mga nakalap na datos ang profayl ng mga guro base sa edad, posisyon, kwalipikasyon pang-edukasyunal at haba ng karanasan sa pagtuturo. Inalam din ang mga estratehiyang madalas nilang gamitin sa pagtuturo ng Filipino.

Batay sa resulta, pinakamadalas gamitin ng mga guro ang kolaboratibong pagkatuto at pinatnubayang pagkatuto. Lumabas din sa multiple regression analysis na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng personal na profayl ng mga guro at ng estratehiyang kanilang ginagamit. Ipinahihiwatig nito na ang pagpili ng estratehiya ay hindi nakabatay sa personal na katangian ng guro.

Samantala, mula sa kwalitatibong datos, natukoy ang ilang suliranin sa paggamit ng mga napapanahong estratehiya. Ilan sa mga ito ay ang kakulangan sa teknolohiya at kagamitan, mahinang internet at kuryente, hindi pantay na akses ng mga mag-aaral sa kagamitan, kakulangan sa konsentrasyon at pag-unawa ng mga mag-aaral at kakulangan sa pagsasanay para sa mga guro. Bagaman may positibong pagtanggap sa mga makabagong estratehiya, kailangang tugunan ang mga balakid na ito upang mapabuti ang paggamit at implementasyon ng mga ito.

Sa kabuuan, ipinakikita ng pag-aaral ang kasalukuyang kalagayan ng pagtuturo ng Filipino sa nasabing distrito at inirerekomenda ang mas malawak na suporta para sa teknolohiya at pagsasanay ng mga guro sa paggamit ng mga napapanahong estratehiya sa pagtuturo.

***Keywords — Napapanahong estratehiya, pagtuturo, pagkatuto, Kagamitang pampagtuturo***

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

## I. Introduksyon

Sa gitna ng mabilis na pagbabago sa sistema ng edukasyon, lalong nagiging mahalaga ang pagsasagawa ng mga inobasyon sa pagtuturo upang matugunan ang nagbabagong pangangailangan ng mga mag-aaral at guro. Ang paggamit ng mga angkop na mga estratehiya at kagamitang pampagtuturo sa Filipino ay lubhang mahalaga upang matiyak ang epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang mga napapanahong estratehiya, na sinusuportahan ng teknolohiya tulad ng multimedia, digital platforms, collaborative teaching at gamification ay nag-aalok ng mas interaktibo at malikhaing pamamaraan.

Kauynay nito, ayon kay [8] Torres (2021), ang napapanahong estratehiya sa pagtuturo ay tumutukoy sa mga pamamaraan at teknik na tumutugon sa kasalukuyang konteksto ng edukasyon, gaya ng integrasyon ng teknolohiya, platapormang online at mga nababagay na modalidad ng pagkatuto. Layunin nitong pagaanin ang daloy ng pagkatuto at gawing mas akma ang mga gawain sa tunay na karanasan ng mga mag-aaral sa makabagong panahon. Sinuportahan din ang pahayag na ito ni [2] Dela Cruz (2021) na ang mga napapanahong estratehiya ay hindi lamang nakatuon sa modernisasyon kundi sa kakayahang tumugon sa kasalukuyang pangangailangan ng mga mag-aaral, kabilang ang kanilang emosyonal, sosyal at digital na reyalidad.

Bagama't may mga pag-aaral tungkol sa mga estratehiya sa pagtuturo, nananatiling limitado pa rin ang pagsusuri ng kabisaan ng makabago at paggamit napapanahong estratehiya, lalo na sa asignaturang Filipino dahil kadalasan sa mga pag-aaral ay nakasentro sa mga tradisyonal na pamamaraan o estratehiya sa pagtuturo tulad ng lecture-discussion method na hindi na sapat sa kasalukuyang panahon. Dagdag pa rito, marami pa ring guro, lalo na sa mga liblib na lugar, ang hirap gamitin ang makabagong teknolohiya dahil sa kakulangan ng akses at pagsasanay. Maliban dito, limitado rin ang pag-aaral sa kahandaan, kasanayan at pananaw ng mga guro sa paggamit ng mga napapanahong estratehiya, lalo na sa aspeto ng teknolohiya at malikhaing pagdidisenyo ng mga interaktibong gawain. Kung saan, sa modernong panahon ng pagtuturo na nangingibabaw ang teknolohiya at interaktibong pagkatuto bilang batayan ng makabago at epektibong pagtuturo. Lumilitaw ang isang malinaw na hamon sa larangan ng pagtuturo ng Filipino lalo na ang kakulangan sa sapat na kaalaman at kasanayan sa paggamit ng mga napapanahong estratehiya.

Ang mga pahayag na nabanggit sa itaas ay nakapag-udyok sa mananaliksik na gawin ang pagsusuri sa mga napapanahong estratehiya upang suriin ang kaangkupan at kabisaan nito sa aktuwal na pagtuturo sa klasrum gayundin ang mga bahaging dapat pang paunlarin. Ang kasalukuyang pag-aaral ay mahalaga upang mapabuti ang kalidad ng pagtuturo at paglinang sa mas makabuluhang karanasan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Isa itong mahalagang hakbang tungo sa mas epektibo at inklusibong edukasyon na tumutugon sa mga hamon ng modernong panahon.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pangunahing layunin sa pag-aaral na ito ay masuri ang mga napapanahong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino at matukoy kung alin sa mga estratehiyang ito ang madalas ginagamit at epektibong gamitin sa pagtuturo.

Nilayon ng pag-aaral na matugunan ang mga sumusunod na suliranin:

1. Ano ang profayl ng mga gurong nagtuturo ng Filipino sa Junior High School sa Distrito ng Cagwait ayon sa:

    1.1 edad

    1.2 posisyon

    1.3 kwalipikasyong pang-edukasyonal

    1.4 karanasan sa pagtuturo?

2. Ano-anong mga napapanahong estratehiya ang kadalasang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino?
3. Ano-ano ang pananaw ng mga guro sa pinakaepektibong napapanahong estratehiyang ginagamit sa pagtuturo ng Filipino?
4. Ano-ano ang mga hamon at suliranin sa paggamit ng mga napapanahong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino?
5. Mayroon bang makabuluhang kaugnayan ang profayl ng mga respondente sa kadalasang estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo?
6. Anong makabuluhang kagamitang pampagtuturo ang mabubuo mula sa pag-aaral?

**Kaugnay na Literatura**

Ang pagtuturo sa modernong panahon ay dapat nakaangkla sa 21 siglong kakayahan ng mga mag-aaral at ito'y sinang-ayunan nina [9] Trilling at Fadel (2019), na ang pagtuturo ng mga 21st-century skills ay dapat nakaangkla sa paggamit ng makabagong estratehiya sa pagtuturo. Binanggit nila ang kahalagahan ng kritikal na pag-iisip, komunikasyon, kolaborasyon at kreatibidad na maaaring maisulong gamit ang mga inobatibong pamamaraan. Ang mga prinsipyong ito ay maaaring ilapat sa pagtuturo ng Filipino upang maging mas makabuluhan ang pag-aaral ng wika.

Sa lokal na konteksto sa larangan ng pagtuturo, mahalaga ang paggamit ng iba't ibang estratehiya upang maengyanyo ang mga mag-aaral na makilahok sa talakayan para matamo ang makabuluhang pagkatuto. Ayon kay [10] Tuastomban (2024), ang mga estratehiya sa pagtuturo ay

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

mahalagang kasangkapan sa paghahatid ng mabisang pagtuturo sa loob ng silid. Tinukoy rin sa pag-aaral na ang antas ng kagustuhan ng mga mag-aaral sa pagsasadula, pangkatang talakayan at paggawa ng mga koneksyon sa tunay na karanasan sa buhay bilang mga estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa Filipino at pasalitang partisipasyon ng mga mag-aaral.

Sa kabilang banda, lumabas sa pagsusuri ni [4] Gonzales (2021), na ang epekto ng integrasyon ng makabagong estratehiya tulad ng blended learning sa pagtuturo ng Filipino. Ipinakita na ang pagsasama ng tradisyunal na pamamaraan at teknolohiya ay nakatutulong sa pagpapabuti ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pagsusulat. Sinuportahan din ito ni [5] Mendoza (2021), na ang paggamit ng mga alternatibong estratehiya tulad ng role-playing, dramatization, at story mapping ay nagiging epektibo sa pagtuturo ng panitikan. Sa pamamagitan ng mga estratehiyang ito, naisasabuhay ng mga mag-aaral ang mga kwento at nadaragdagan kanilang pag-unawa sa kultura at konteksto ng akdang Pilipino.

## II. Metodolohiya

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng disenyong Convergent parallel mixed methods. Ang disenyong ito ay pinaghalong pamamaraan, kung saan sabay ang pangongolekta ng datos na kwantitatibo at kwalitatibo. Susuriin ito sa hiwalay na paraan at pagsasamahin ang resulta ng datos. Kaugnay nito, inilarawan nina [3] Ghaffat et al. (2024) ang convergent parallel mixed methods bilang isang disenyo kung saan ang mananaliksik ay nangangalap ng parehong kwantitatibo at kwalitatibo na datos, ini-analyze ang mga ito nang hiwalay at pagkatapos ay ikinukumpara ang mga resulta upang makita kung ang mga natuklasan ay nagkakatugma o nagkakasalungat. Angkop ang desinyong ito ng pag-aaral dahil ang prosesong ito ay nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa sa paksa ng pananaliksik.

### Mga Respondente sa Pag-aaral

Ang mga respondente sa pag-aaral ay mga guro sa Filipino sa ikapito hanggang ikasampung baitang sa Junior High School sa tatlong mataas na paaralan sa Distrito ng Cagwait, Sangay ng Surigao del Sur. Saklaw ng pag-aaral na ito ang paaralan ng Jose Sanvictores Sr. National School, Bitaugan Integrated School at Unidad National High School. Ang mga guro na nagtuturo ng Filipino sa mga paaralang ito ang napili sa pag-aaral dahil sa kanilang karanasan at kahusayan sa pagtuturo ng Filipino. Para naman sa pagpili ng mga respondente sa isinagawang pananaliksik, ginamitan ito ng mananaliksik ng complete enumeration sampling na teknik. Inilarawan ang complete enumeration sampling bilang isang komprehensibong pamamahagi ng survey sa lahat ng miyembro ng isang grupo. Ang pamamaraang ito ay makakatulong sa pagkuha ng mas malalim na pagsusuri sa bawat yunit ng populasyon, na wala nang pagpapalagay o interpretasyon batay sa sample lamang [7] (Singh at Mangat, 2020).

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Instrumento ng Pag-aaral**

Ang pag-aaral tungkol sa pagsusuri sa mga napapanahong estratehiya ay ginamitan ng talatanungan bilang pangunahing instrumento ng pananaliksik upang makakuha at makalikom ng datos sa isinagawang pag-aaral. Ang talatanungan ay masusing dumaan sa balidasyon ng mga eksperto bago ginamit sa isinagawang pag-aaral. Bukod dito, ginamit din ang dyornal bilang karagdagang instrumento upang itala ang mga mahahalagang datos at audio recorder upang mairekord ang lahat ng mga tugon at salaysay ng mga respondente.

## III. Resulta

Sa bahaging ito, makikita ang makabuluhang presentasyon at interpretasyon ng mga nalikom na datos mula sa mga respondente sa isinagawang pag-aaral.

**Talahanayan 1. Profayl ng mga Respondente na Nagtuturo ng Filipino sa Distrito ng Cagwait**

| | | Frequency | Percent (%) |
|---|---|---|---|
| | 21 – 30 | 2 | 22% |
| Edad | 31 – 40 | 5 | 56% |
| | 51 – 60 | 2 | 22% |
| | Total | 9 | 100% |
| | Teacher 1 | 3 | 33% |
| Posisyon | Teacher 3 | 6 | 67% |
| | Total | 9 | 100% |
| | Bachelor's Degree | 4 | 44% |
| Kwalipikasyong Propesyunal | May Masters Units | 5 | 56% |
| | Total | 9 | 100% |
| | 1 – 5 taon | 2 | 22% |
| | 11 – 15 taon | 5 | 56% |
| Karanasan sa Pagtuturo | 16 – 20 taon | 1 | 11% |
| | 21 taon o higit pa | 1 | 11% |
| | **Total** | **9** | **100%** |

Ipinakita sa talahanayan 1 ang profayl ng mga respondente sa pag-aaral na binubuo ng siyam (9) na respondente. Ang mga datos ay tumutukoy sa kanilang edad, posisyon, kwalipikasyong pang-edukasyonal at haba ng karanasan sa pagtuturo. Kaugnay nito, ang pinakamalaking bahagdan ng mga respondente na may (56%) ay nasa edad na 31 hanggang 40 taong gulang, na nagpapakita na karamihan sa mga respondente ay nasa gitnang yugto ng kanilang propesyonal na karera. Samantala, pantay naman ang distribusyon ng mga nasa edad 21–30 at 51–60 (tig-22%), na maaaring nagpapahiwatig ng kombinasyon ng mga baguhan at beteranong guro sa kanilang hanay. Gayunpaman, ang datos na ito ay sinuportahan ni [11] Villegas (2019) na ang mga guro sa edad 31-45 ay kadalasang nasa gitnang yugto ng kanilang karera at mas produktibo

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

sa pagtuturo dahil sa kombinasyon ng karanasan at pagiging bukas sa makabagong estratehiya sa edukasyon.

Sa kabilang dako, pagdating sa kwalipikasyong pang-edukasyonal 6 sa mga respondente na may (67%) sa Distrito ng Cagwait ay may posisyong Teacher 3, na mas mataas kumpara sa Teacher 1 (33%) na binubuo ng 3 respondente lamang. Ipinapakita nito na karamihan sa mga respondente ay may mataas na ranggo o posisyon, na maaaring tumutukoy sa mas malawak na karanasan, kwalipikasyon at responsibilidad sa kanilang propesyon. Sa katunayan, sa isinagawang pag-aaral nina [6] Santos at Dizon (2020) lumalabas na ang mga may mas mataas na posisyon (Teacher 3 pataas) ay nagtataglay ng mas mataas na antas ng kasanayan sa classroom management at curriculum delivery. Ang posisyon ay kadalasang bunga ng mahabang taon ng serbisyo at patuloy na pag-aaral.

Maliban dito, mahigit kalahati naman ng mga respondente (56%) ay may Master's units, habang ang natitirang 44% ay nagtapos ng Bachelor's Degree lamang. Ipinapakita ng datos na karamihan sa mga guro ay nagsusumikap na paunlarin ang kanilang sarili sa pamamagitan ng karagdagang pag-aaral, na maaaring magdulot ng positibong epekto sa kalidad ng pagtuturo.

Sa larangan naman ng kanilang karanasan sa pagtuturo, karamihan sa mga respondente (56%) ay may 11 hanggang 15 taon ng karanasan sa pagtuturo. Ang datos na ito ay nagpapahiwatig ng malalim na karanasan ng karamihan sa mga guro. Mayroon ding kaunting bilang na may higit sa 16 taon ng karanasan (22% pinagsama), habang 22% naman ay nasa maagang yugto pa lamang ng kanilang propesyon (1-5 taon).

Sa kabuuan, ang profayl ng mga respondente ay nagpapakita ng isang hanay ng mga guro na may malawak na karanasan, may mataas na antas ng kwalipikasyon at may mga posisyon na nagpapahiwatig ng karunungan at liderato. Ang pagkakaroon ng maraming guro na may Master's units at mahigit isang dekada ng karanasan ay maaaring makatulong sa paghubog ng isang may kalidad at matatag na institusyon ng edukasyon. Ang pagkakaiba-iba sa edad at antas ng karanasan ay nagbibigay din ng balanse sa pagtuturo at pagbabahagi ng kaalaman.

**Talahanayan 2. Mga Napapanahong Estratehiyang Kadalasang Ginagamit sa Pagtuturo ng Filipino**

| | Mean | SD | Deskripsyon | Rank |
|---|---|---|---|---|
| **1. Blended Learning** | 3.33 | 1.323 | Paminsan-minsang Ginagamit | 8 |
| **2. Collaborative learning o Kolaboratibong Pagkatuto** | 4.78 | 0.441 | Pinakamadalas na Ginagamit | 1 |
| **3. Digital Storytelling o Digital na Pagkukuwento** | 2.22 | 1.481 | Madalang na Ginagamit | 14 |
| **4. Gamification o Larong Pampagtuturo** | 3.33 | 1.225 | Paminsan-minsang Ginagamit | 8 |
| **5. Flipped Classroom** | 4.00 | 1.323 | Madalas na Ginagamit | 4.5 |

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **6. Interactive Discussion o Interaktibong Talakayan** | 4.00 | 1.323 | Madalas na Ginagamit | 4.5 |
| **7. Multisensory Learning o Pagkatutong gamit ang maraming pandama** | 3.33 | 1.581 | Paminsan-minsang Ginagamit | 8 |
| **8. Paggamit ng AI Powered Tools sa Pagtuturo** | 2.33 | 1.581 | Madalang na Ginagamit | 12.5 |
| **9. Mga Plataporma sa Social Media (Social Networking Sites)** | 2.78 | 1.093 | Paminsan-minsang Ginagamit | 10 |
| **10. Paggamit ng Teknolohiya at Digital na Kasangkapan** | 4.11 | 1.537 | Madalas na Ginagamit | 3 |
| **11. Pananaliksik-Based na Estratehiya** | 2.56 | 1.236 | Madalang na Ginagamit | 11 |
| **12. Project-Based Learning (PBL)** | 3.44 | 1.740 | Madalas na Ginagamit | 6 |
| **13. Scaffolded Learning o Pinatnubayang Pagkatuto** | 4.56 | 0.726 | Pinakamadalas na Ginagamit | 2 |
| **14. Service Learning o Paglilingkod na Pagkatuto** | 2.33 | 1.225 | Madalang na Ginagamit | 12.5 |
| **15. Virtual Reality o VR** | 2.11 | 1.364 | Madalang na Ginagamit | 15 |

Ipinakita sa talahanayan 2 ang mean, standard deviation, deskripsyon at ranggo ng 15 napapanahong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino. Ang pinakamataas na ranggo ay nakuha ng Collaborative learning o Kolaboratibong Pagkatuto na may (Mean = 4.78, SD = 0.441) at Scaffolded Learning o Pinatnubayang Pagkatuto na may (Mean = 4.56, SD = 0.726), na parehong inilarawan bilang "Pinakamadalas na Ginagamit." Sa kabilang banda, ang Virtual Reality o VR na may (Mean = 2.11, SD = 1.364) at Digital Storytelling o Digital na Pagkukuwento (Mean = 2.22, SD = 1.481) ay nabigyan ng pinakamababang ranggo at inilarawan bilang "Madalang na Ginagamit." Ipinaliwanag naman ni [1] Baluyot (2021) na isa sa pangunahing dahilan kung bakit hindi lubos na ginagamit ang mga high-tech strategies gaya ng Virtual Reality, Digital Storytelling at AI tools ay dahil sa kakulangan ng pasilidad, kawalan ng sapat na training at limitadong access sa internet at device.

Ang mga inobatibong estratehiya tulad ng Paggamit ng Teknolohiya at Digital na Kasangkapan na may (Mean = 4.11, SD = 1.537) at Flipped Classroom (Mean = 4.00, SD = 1.323) ay madalas ding ginagamit, samantalang ang AI-Powered Tools (Mean = 2.33, SD = 1.581) at Service Learning o Paglilingkod na Pagkatuto (Mean = 2.33, SD = 1.225) ay hindi gaanong ginagamit o madalang ding ginagamit. Ang malalaking standard deviation sa ilang napapanahong estratehiya ay nagpapahiwatig ng malaking variation sa paggamit nito sa mga respondente.

Gayunman, malinaw sa talahanayan 3 na may pagkilos tungo sa makabago at mas epektibong pamamaraan ng pagtuturo. Ang mga paminsan-minsang ginagamit na estratehiya ay nagpapakita ng potensyal na lumawak pa ang paggamit, kung mabibigyan ng sapat na suporta.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Talahanayan 3. Tematikong Pagsusuri sa Pananaw ng mga Guro sa Pinakaepektibong Napapanahong Estratehiya sa Pagtuturo ng Filipino**

| Mga Pangunahing Tema | Mga Mahahalagang Pahayag |
|---|---|
| **Kolaboratibong Pagkatuto** | "Ang kolaboratibong pagkatuto ang pinakaepektibong napapanahong estratehiya para sa akin. Inilalapat ko ito sa araw-araw na klase. Nagkakaroon kami ng pangkatang gawain lalong-lalo na sa pagtatalakay ng maikling kwento at gumagamit din ako ng differentiated instruction sa bawat pangkat." (ID1 2) <br><br> "Ang kolaboratibong pagkatuto. Ito ang pinakaepektibong napapanahong estratehiya para sa akin na kadalasan kong ginagamit sa pagtuturo. Inilalapat ko ang estratehiyang ito sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang pamamaraan na naaayon sa pangangailangan ng mag-aaral." (ID1 3) <br><br> "Para sa akin, ang kolaboratibong pagkatuto ang pinakaepektibong napapanahong estratehiya dahil ginagamit ko ito sa tuwing nagkakaroon kami ng pangkatang gawain lalong-lalo na ang mga mag-aaral ay hindi pantay ang kanilang kakayahan pagdating sa klase". (ID1 6) |
| **Paggamit ng Teknolohiya at Digital na Kasangkapan** | "Ang paggamit ng teknolohiya at digital na kasangkapan ang pinakaepektibo para sa akin. Ginagamit ko ito during class discussion. Gumagamit ako ng power point presentation at downloaded na video lessons. Nakakatulong ito sa pagtuturo dahil nagiging catchy ito at engaging sa klase at mas madaling makakaunawa ang mga mag-aaral kung meron silang nakikitang mga presentation o video sa klase." (IDI 1) <br><br> "Sa pananaw ko, ang paggamit ng teknolohiya at digital na kasangkapan ang pinakaepektibong napapanahong estratehiya. Dahil ito ay makabagong kagamitan na angkop sa mga kabataan sa kasalukuyan. Inilalapat ko ito sa motibasyon at talakayan gamit ang PPT at downloaded videos at hindi na mo kailangan pa ng malakas na signal sa paggamit nito." (IDI 8) <br><br> "Kung ako ang tatanungin, ang paggamit ng teknolohiya at digital na kasangkapan ang pinakaepektikong napapanahong estratretehiya para sa akin. Sa panahon natin ngayon 'yong mga mag-araal ay pokus sila sa nakikita nila at sa mga sinasabi mo. Sa tuwing nagtatalakay ako lalong-lalo na sa Grade 7 mas nakukuha mo ang kanilang atensyon kapag mayroon kang video lesson na ipinapakita sa kanila. Hindi lamang mula sayong bibig nagmumula ang impormasyon kundi nakikita nila ang mga presentasyon kung kaya't sa tingin ko ito ang pinakaepektibo sapagkat mas madali nilang maiintindihan ang mga sinasabi mo kung meron kang ipinapakitang PPT o video." (IDI 9) |
| **Mga Plataporma sa Social Media** | "Para sa akin ang mga plataporma sa social media ang pinakaepektibo kasi kadalasan sa mga mag-aaral ngayon ay mahilig nang mag tiktok, facebook at reels. Mas interesado sila kasi halos lahat ng mag-aaral ay may sarili ng cellphones." (ID1 5) |
| **Interaktibong Talakayan** | "Ang pinakaepektibong napapanahong estratehiya para sa akin ay ang Interaktibong Talakayan. Inilalapat ko ito sa pamamagitan ng pagtatanong sa mga mag-aaral. Maganda ang epekto nito dahil makikita natin na nag-eenjoy sila sa talakayan." (ID1 7) |

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 5 May 2025, eISSN: 2799-0664

| | |
|---|---|
| **Multisensory Learning** | "Ang multisensory learning ang pinakaepektibo para sa akin. Most of the time, ginagamit ko siya sa motibasyon kasi ito yong nagseset ng mood sa klase especially sa grade 7 na kung saan hyper ang mag-aaral. Pagkatapos ng motibasyon, inihahighlight ko siya sa depining baka may learning ang bata na sa kaniya lang. So, pagnaggroup activity na kami, so may learning na ang bata." (ID1 *4)* |

Batay sa mga pahayag ng mga respondente, isa sa mga nangingibabaw na tema na lumitaw sa pinakaepektibong napapanahong estratehiya ay ang "Kolaboratibong Pagkatuto". Ipinahayag ng ilang respondente na epektibo ito sa pagtuturo ng mga aralin tulad ng maikling kwento, partikular na sa konteksto ng hindi pantay-pantay na kakayahan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pangkatang gawain, nagkakaroon ng mas aktibong partisipasyon ang mga mag-aaral at natututo sila mula sa isa't isa. Ginagamit rin ng mga guro ang differentiated instruction upang matugunan ang iba't ibang antas ng pag-unawa sa bawat pangkat, kaya't mas personalisado ang pagkatuto.

Isa ring mahalagang tema ang "Paggamit ng Teknolohiya at Digital na Kasangkapan". Ayon sa pahayag ng mga respondente, ang paggamit ng PowerPoint presentations at mga downloaded na video lessons ay nakatutulong upang mas maging kawili-wili at madaling maunawaan ang mga aralin. Sa panahong mas visual at digital na ang mga mag-aaral, nagiging mas epektibo ang pagtuturo kapag sinasamahan ng audio-visual materials. Binanggit din ng mga guro na hindi hadlang ang kawalan ng internet dahil maaari namang gamitin ang mga na-download na materyales offline.

Bukod dito, lumitaw rin ang iba't ibang tema gaya ng "Paggamit Ng Social Media Platforms, Interaktibong Talakayan at Multisensory Learning". Ayon sa ilang respondente, dahil mahilig sa social media ang mga mag-aaral, maaari itong gamiting daluyan ng pagtuturo. Samantala, ang interaktibong talakayan ay nagbibigay-daan sa mas masiglang diskusyon at partisipasyon. Sa multisensory learning naman, sinasamantala ng guro ang kasiglahan ng mga mag-aaral upang iset ang mood ng klase at magbigay ng mas personal at konkretong karanasan sa pagkatuto. Ang mga estratehiyang ito ay nagpapakita ng kakayahang umangkop ng mga guro sa makabagong panahon upang mapabuti ang kalidad ng edukasyon.

**Talahanayan 4. Tematikong Pagsusuri sa mga Hamon at Suliranin sa Paggamit ng mga Napapanahong Estratehiya sa Pagtuturo ng Filipino**

| Mga Pangunahing Tema | Mga Mahahalagang Pahayag |
|---|---|
| **Kakulangan sa Teknolohiya at Pasilidad** | "Kakulangan ng teknolohiya at kagamitang pampagtuturo." (IDI 2)<br><br>"Ang kakulangan ng mga kagamitan at pasilidad ay isang hamon at suliranin sa paggamit ng napapanahong estratehiya. Hindi sapat na teknolohiya o kagamitan na magamit sa pagtuturo." (IDI 3)<br><br>"Pag walang TV at walang signal." (IDI 8) |

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

| | |
|---|---|
| **Problema sa Internet Koneksyon at Kuryente** | "Internet, availability ng mga kagamitan." (IDI 1)<br><br>"Walang internet connection, kaya hindi rin magamit ang teknolohiya." (IDI 2)<br><br>"Isa sa suliranin kung mag-brownout lalo na ako ay may anim na klase sa buong araw." (IDI 4) |
| **Hindi Pantay-pantay na Akses ng Mag-aaral sa Kagamitan.** | “Kung minsan kasi hindi lahat ng mga mag-aaral ay may cellphone. So yong ibang mag-aaral na wala ay ipinapares sa mayroong cellphone. Isang hamon din ito sa pagtuturo. Lalong-lalo na kung kinakailangan ng mga mag-aaral na magresearch sa internet para sa karagdagang impormasyon.” (IDI 5)<br><br>"Yung ibang mga bata ay walang mga cellphone." (IDI 6) |
| **Kakulangan sa Konsentrasyon at Kasanayan sa Pag-unawa ng Mag-aaral.** | “Sa obserbasyon ko yong iba minsan lalong-lalo na pag hindi mo kaagad napapansin yong iba ay nakikipagtsismisan sa kapwa nila mag-aaral at nadidivert yong atensyon nila minsan.” (IDI 9)<br><br>"Pag nasa last section, lalo na 'yong mga mag-aaral na hindi nakakaunawa sa binabasa." (IDI 7) |
| **Kakulangan sa Kahandaan ng Guro** | "Karamihan rin ng guro ay mas sanay sa tradisyunal na pagtuturo." (IDI 3) |

Batay sa pagsusuri, ang pinaka-pangunahing suliranin ay ang kakulangan sa teknolohiya at pasilidad. Maraming respondente ang nagsabing hindi sapat ang kagamitan tulad ng mga TV, projector at iba pang kagamitang pang-edukasyon sa kanilang paaralan, na siyang humahadlang sa epektibong paggamit ng mga makabagong estratehiya sa pagtuturo. Ang kawalan ng signal o maayos na teknolohikal na imprastraktura ay naglilimita sa paggamit ng mga digital na plataporma at multimedia tools na sana'y makatutulong upang gawing mas makabuluhan at makatawag-pansin ang mga talakayan sa klase.

Kalakip ng isyung ito ang problema sa internet koneksyon at kuryente, na karaniwang nararanasan sa mga pampublikong paaralan lalo na sa mga liblib na lugar. Binanggit ng ilang respondente ang kawalan ng internet bilang isang pangunahing hadlang sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo. Bukod pa rito, ang mga di-inaasahang brownout ay isa ring suliraning teknikal na nagpapahinto sa klase at sumisira sa takbo ng leksyon, lalo na kung inaasahan ang paggamit ng mga kagamitan tulad ng computer o projector.

Isa pang mahalagang tema ay ang hindi pantay-pantay na akses ng mga mag-aaral sa kagamitan. Inilahad ng mga respondente na hindi lahat ng estudyante ay may sariling cellphone o akses sa internet, na nagiging hadlang sa pagsasagawa ng mga aktibidad na nangangailangan ng online research o digital collaboration. Sa ganitong sitwasyon, napipilitan ang mga guro na pag-isahin ang mga mag-aaral upang makibahagi sa aktibidad, ngunit nagiging limitado pa rin ang karanasan ng mga walang sariling device. Ito ay nagpapakita ng digital divide sa loob ng silid-aralan.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Dagdag nito, binigyang-diin din ang kakulangan sa konsentrasyon at kasanayan sap ag-unawa ng mga mag-aaral at ang kakulanagn sa kahandaan ng guro. May mga guro na nakapansing madaling mawalan ng atensyon ang ilang mag-aaral, lalo na kung hindi sila kaagad nabibigyang pansin sa klase. May ilan ding mag-aaral, partikular sa mas mababang seksyon, ang hirap umunawa sa binabasa, na nagiging hadlang sa mas mataas na antas ng pagkatuto. Sa kabilang banda, may mga guro naman na aminadong mas komportable pa rin sa tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo, kaya't nagiging hamon sa kanila ang pagyakap sa mga napapanahong estratehiya. Ipinakikita ng mga temang ito ang pangangailangang tugunan hindi lamang ang mga pisikal na kakulangan sa paaralan kundi pati na rin ang patuloy na pagsasanay at suporta sa mga guro at mag-aaral.

**Talahanayan 5. Multiple Regression Analysis sa Profayl ng mga Respondente at Kadalasang Estratehiyang Ginagamit ng mga Guro sa Pagtuturo**

| **Model Coefficients – Napapanahong Stratehiya** | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Predictor** | **Estimate** | **SE** | **t** | **P** |
| **Intercept** | 5.2162 | 2.3114 | 2.257 | 0.087 |
| **Position** | | | | |
| **Teacher1- Teacher 3** | 0.8685 | 1.0042 | 0.865 | 0.436 |
| **Kwalipikasyong Pang-edukasyonal:** | | | | |
| **Master's Units - Bachelor's Degree** | 0.578 | 0.554 | 1.042 | 0.332 |
| **Edad** | -0.0587 | 0.0842 | -0.697 | 0.524 |
| **Karanasan sa Pagtuturo** | 0.0286 | 0.0935 | 0.306 | 0.775 |

Isinagawa ang multiple linear regression analysis na ito upang matukoy kung may kaugnayan ang ilang aspeto ng profayl ng guro tulad ng posisyon, edad, kwalipikasyong pang-edukasyonal at karanasan sa pagtuturo sa kanilang paggamit ng napapanahong estratehiya sa pagtuturo. Subalit batay sa resulta, lumabas na mahina ang predictive power ng modelo. Ibig sabihin, hindi nakatulong ang mga variable na ito upang maipaliwanag ang pagkakaiba-iba sa antas ng paggamit ng napapanahong estratehiya sa pagtuturo ng mga guro.

Ang adjusted $R^2$ na -0.344 ay malinaw na indikasyon na ang modelong ginamit ay hindi akma upang ipaliwanag ang relasyon ng mga variable. Samantala, ang F-test result na may p-value na 0.748 ($p > 0.05$) ay nagpapakita na ang kabuuang modelo ay hindi statistically significant na nangangahulugang wala sa mga isinuring aspeto ng profayl ang may malinaw o matibay na epekto sa paggamit ng napapanahong estratehiya. Bukod dito, kahit isa sa mga predictor gaya ng edad ($p = 0.524$) at karanasan sa pagtuturo ($p = 0.775$) ay walang naipakitang makabuluhang epekto, kaya

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

masasabi na ang paggamit ng napapanahong estratehiya ay hindi nakadepende sa edad, ranggo, kwalipikasyong pang-edukasyonal, o haba ng karanasan ng guro sa pagtuturo.

Ang normality tests gamit ang Shapiro-Wilk test ay nagpakita ng sapat na p-values ($p > 0.05$), na nagmumungkahi na ang residuals ay sumusunod sa normal distribution. Gayunpaman, ang collinearity statistics ay nagpapakita ng potensyal na problema sa multicollinearity, lalo na sa edad (VIF = 6.97) at karanasan sa pagtuturo (VIF = 7.96), na may mababang tolerance values. Ang Durbin-Watson test (DW = 1.98, $p = 0.928$) ay nagpapahiwatig na walang autocorrelation sa residuals.  Ipinapakita nito na maaaring magkaugnay ang mga variable na ito sa isa't isa, kaya't hindi maipaliwanag nang malinaw ang epekto sa paggamit ng estratehiya.

Sa kabuuan, lumabas na ang personal at propesyonal na katangian ng mga guro ay hindi sapat na batayan upang mahulaan kung sino ang madalas gumamit ng napapanahong estratehiya. Ipinahihiwatig nito na ang pagiging bukas sa makabagong pamamaraan ng pagtuturo ay maaaring bunga ng iba pang salik gaya ng motibasyon, pag-uugali o saloobin, akses sa training, suporta mula sa paaralan at exposure sa teknolohiya na hindi isinama sa modelong ito. Kaya naman, anumang edad, posisyon, kwalipikasyong pang-edukasyonal o tagal ng pagtuturo, ang bawat guro ay may pantay na potensyal na gamitin ang mga napapanahong estratehiya at malikhaing pamamaraan ng pagtuturo.

## IV. Konklusyon

Mula sa mga datos at pagsusuri, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon:

May sapat na karanasan at propesyonal na pag-unlad ang mga gurong nagtuturo ng Filipino sa Distrito ng Cagwait. Aktibo sila at mas bukas sa paggamit ng mga napapanahong estratehiya, lalo na sa larangan ng kolaboratibong pagkatuto at paggamit ng digital na kasangkapan sapagkat ito ay mas tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral at naaayon sa kanilang kakayahan bilang guro. Gayunpaman, may limitasyon sa paggamit ng mas advanced na estratehiya tulad ng AI, VR, at pananaliksik-based learning sanhi nang nalilimitahan ang implementasyon ng teknikal na hamon at kakulangan sa pasilidad. Ang mga suliranin sa pasilidad, kagamitan, internet, kuryente, akses ng mga mag-aaral sa kagamitan at kakulangan sa kahandaan ng guro ay patuloy na hadlang sa lubos na paggamit ng mga makabagong estratehiya sa pagtuturo.

Sa kabilang dako, sa resulta ng datos sa isinagawang multiple linear regression analysis, napatunayan na walang makabuluhang ugnayan ang mga aspeto ng profayl ng mga guro gaya ng kanilang posisyon, edad, karanasan sa pagtuturo at kwalipikasyong pangpropesyonal sa kanilang antas ng paggamit ng mga napapanahong estratehiya sa pagtuturo. Ipinapahiwatig nito na ang paggamit ng mga estratehiya ito ay hindi nakadepende sa panlabas na katangian ng guro, kundi maaaring mas naiimpluwensyahan ng panloob na salik tulad ng kanilang personal na interes at inisyatiba, kakayahang umangkop sa makabagong teknolohiya, pagiging bukas sa pagbabago, suporta ng paaralan o administrasyon at oportunidad sa pagsasanay at propesyonal na pag-unlad.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Ang konklusyong ito ay nagpapakita rin ng positibong pananaw, na anumang antas ng profayl ay may potensyal sa paggamit ng makabago at malikhaing estratehiya, kung bibigyan ng tamang gabay, oportunidad at suporta.

## MGA SANGGUNIAN

[1] Baluyot, R. L. (2021). Barriers to Technology Integration in Philippine Public Schools. Southeast Asian Journal of Educational Technology, 8(3), 74-89.
[2] Dela Cruz, M. A. (2021). Teknolohiya at Pedagohiya: Epekto sa Kritikal na Pag-iisip ng mga Mag-aaral. Lathala Publishing House.
[3] Ghaffari, M. et al. (2024). A Protocol for Patients' Education Based on Andragogy: A Convergent Parallel Mixed Methods Study. Journal of Community Health Research, 13(1), 32-39.
[4] Gonzales, M. C. (2021). Epekto ng Kolaboratibong Pagkatuto sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino.
[5] Mendoza, J. (2021). Innovative Strategies for Teaching Literature in Filipino. Journal of Filipino Studies, 15(1), 78-89.
[6] Singh, R. & Mangat, N. S. (2013). Elements of Survey Sampling. Springer Science & Business Media.
[7] Torres, M. D. (2021). Pedagohiyang Teknolohikal: Bagong Perspektiba sa Pagtuturo ng Filipino sa ika-21 Siglo. Katipunan Journal of Language Studies, 9(2), 101–118.
[8] Trilling, B. & Fadel, C. (2019). 21st Century Skills: Learning for Life in Our Times. Jossey-Bass Publishers.
[9] Tuastomban, J. (2024). Mga Estratehiya Sa Pagtuturo Kaugnay Sa Pasalitang Partisipasyon Ng Mga Mag-Aaral Sa Loob Ng Silid-Aralan. American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR). 08(04), 266.
[10] Villegas, M. J. (2019). Demographic Profile of Teachers and Its Influence on Instructional Performance. Philippine Journal of Educational Research, 24(2), 45–59.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved